AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL**
**Lesson 23**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Paraan at Lugar kung saan ginagawa ang COVID-19 Test".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Aralin 23**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Michael ng Tagaytay.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, saan po ba ginagawa yung test? Paano po?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Michael!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Isinasagawa ang COVID-19 testing sa laboratoryo ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM) sa Alabang, Muntinlupa 🏥 - ito ang kinikilalang laboratoryo ng

World Health Organization na nagsasagawa ng COVID-19 testing sa Pilipinas. Ang mga sumusunod naman ay ang mga naunang laboratoryo na naaprubahan at may kakayahang magsagawa ng COVID-19 Testing . Ito ang Baguio General Hospital and Medical Center, Baguio City 🏥, San Lazaro Hospital, Metro Manila 🏥, Southern Philippines Medical Center, Davao City 🏥, at Vicente Sotto Memorial Medical Center, Cebu City 🏥. Bukod sa mga nabanggit, mayroon pang 14 na mga laboratoryo ang naaprubahan na ng DOH upang magsagawa ng testing. Sa kasalukuyan ay mayroon ng 23 testing centers na sa Pilipinas. (Syempre kung si Batman ay may Bat Cave, ang scientists and doctors din natin ay may laboratoryo. 🏥👩🔬🔬🧫)

Patuloy pa ring pinag-aaralan kung may kapasidad ang iba pang pribado at pampublikong laboratoryo na magsagawa ng COVID-19 Test. 🧐📚🏥👩🔬🔬🦠

**V.✊ HAMON**

Isinasagawa ang COVID-19 Test sa pamamagitan ng:

(1) Pagkuha ng specimen tulad ng plema 🗣️, sipon 😪, o laway 😮, gamit ang swab na ipinapahid sa loob ng ilong 👃 at lalamunan 👄 ng isang tao. (Yung specimen na yun ang titingnan sa microscrope upang makita kung may coronavirus na nakakapasok sa ating katawan. 👩🔬🔬🧫🦠)

(2) Ang sample galing sa isang pasyente ay pinapasok sa isang lalagyan 🧫 (transport medium), upang hindi masira ang sample habang dinadala ito sa laboratoryo kung saan ginagawa ang pagsusuri. 🏥🔬🧫

(3) Ang laboratoryo naman ay magsasagawa ng iba't-ibang proseso upang alamin kung positibo sa COVID-19 ang isang tao. 🏥 (Sa laboratoryo nila inaaral ang virus na nasa sample ng pasyente 🔬🦠. Nandoon lahat ng sandata nila para makita ang kalabang coronavirus 🔬. At syempre doon din nila ginagawa ang mga proteksyon 🛡️ at sandata 💉💊 laban dito.)

(4) Ipapadala ng RITM ang mga resulta sa ospital kung saan nakaadmit ang pasyente, sa Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU), at sa Epidemiology Bureau ng DOH. 🏥📥

(5) Ang nakatalagang doktor o city o municipal health officer ang magbibigay sa pasyente ng kanyang resulta. 👨‍⚕️📥😷 (Pero huwag mag-alala, positibo man o hindi ay gagaling at lalakas ang katawan ng pasyente dahil sa tulong ng lahat ng tao - atensyong medikal ng ating mga doktor 👩‍⚕️, nars, suporta ng kanyang kamag-anak 👨👩👦👦, at dasal 🙏 nating lahat para sa kanyang pag galing at lakas ng loob na harapin ang COVID-19.)

Ayan, alam na natin ang ginagawa upang masuri kung ang isang tao ay positibo o negatibo sa COVID-19. 😉

Matagal na proseso hindi ba? 🤔 Pero ang magandang balita rito ginagawa ang lahat ng ating mga doktor para pagsilbihan tayo at paalalahanan tayo na kasama natin sila sa laban kontra COVID-19. 👨‍⚕️👩‍⚕️👊🦠

Huwag nating kakalimutang pasalamatan ang Diyos at ang ating mga manggagawa. Magtiwala tayo sa kanila. Makiisa tayo sa kanila. 😇🤝

Basta't ating tandaan at ugaliin, being clean and healthy is the new trend. 😉

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Saang mga laboratoryo isinasagawa ang COVID-19 Test sa Pilipinas?
🔎 Ano ang kinukuha sa pasyente kapag sila'y nagpapasuri?
🔎 Saan ito inilalagay upang hindi masira ang sample?
🔎 Sinu-sino ang maaaring magbigay ng resulta sa pasyente?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩‍🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🧒❓

Maraming salamat sa pakiki-isa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."